Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-26 NG MAYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | Kasangguni |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 110-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA KAGAWARAN NG INTERYOR AT PAMAHALAANG LOKAL (DEPARTMENT OF INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT-DILG) SA PANGUNGUNA NI KGG. EDUARDO AÑO, KALIHIM, AT SA REGIONAL INTER-AGENCY TASK FORCE (R-IATF) SA PAMAMAGITAN NI KGG. JULIE J. DAQUIOAG, PHD., CESO III, CHAIRPERSON, NA MAPAHINTULUTANG MAKAPAMASADA ANG MGA TRICYCLE AT PEDICAB SA LUNGSOD NG MALOLOS SA PANAHONG ANG LUNGSOD AY NASA ILALIM NG MODIFIED ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE (MECQ) AT SA PANAHON NG DEKLARASYON NG GENERAL COMMUNITY QUARANTINE (GCQ).

PANGUNAHING MAY AKDA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG DIONISIO C. MENDOZA, KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT**, noong ika-16 ng Mayo, 2020 ipinasiya ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Disease na isailalim sa *Modified Enhanced Community Quarantine* (MECQ) ang Lalawigan ng Bulacan mula Ika-16 ng Mayo 2020 hanggang Ika-31 ng Mayo 2020 sa pamamagitan ng IATF Resolution No. 37 series of 2020;

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Section 2(4) at Section 3(4) ng IATF Resolution No. 37. sa panahon ng *Modified Enhanced Community Quarantine* (MECQ) ay mayroon nang mga establisyimentong pinahihintulutang magbukas upang maipagpatuloy ang kanilang operasyon at bunga nito ay may mga empleyado nang maaring makapag-hanapbuhay, kaakibat dito ang mga limitasyon ukol sa bilang ng mga manggagawa na maaaring papasukin;

**SAPAGKAT**, batay sa Section 3(11) ng IATF Resolution No. 30 ang mga pampublikong sasakyan ay kasalukuyan pa ding suspendido kung kayat ang mga empleyado ay nahihirapang pumasok sa kanilang mga trabaho;

**SAPAGKAT**, sa panahong ang lungsod ay nasa ilalim ng deklarasyon ng Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ) at sa sandaling maideklara ang General Community Quarantine (GCQ) ay lubhang mahirap para sa mga mamamayang pinapahintulutang lumabas ng kanilang tahanan sa Pamilihang Bayan, sa kanilang mga hanap-buhay at makatugon sa kani-kanilang pangangailangan;

**SAPAGKAT**, ang pangunahing transportasyon sa Lungsod ng Malolos ay ang tricycle na patuloy na isinasaayos ng Pamahalaang Lungsod upang makatugon sa pangangailangang ito;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** nagpahayag ng kahandaan ang pamunuan ng FETODAMBI, na tumugon sa pangangailangang ito gayundin ang kahandaang ipatupad o' sundin ang mga regulasyon o' patakaran upang maiwasan at mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 gaya ng Social Distancing (isang sakay lamang kada byahe), pagsusuot ng Face Mask, paglalagay ng Disinfectant o' Alcohol sa bawat terminal at iba pang precautionary measure alinsunod sa Minimum Health Standard alinsunod sa polisiya ng Department of Health (DOH);

**SAPAGKAT,** handa ang Pamahalaang Panlungsod na ipatupad ang mga guidelines na ipinalabas ng Inter-Agency Task Force (IATF), DOH Department of the Interior and Local Government (DILG) at iba pang ahensya ng Pamahalaang Nasyunal;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 16 ng *Republic Act No. 7160* o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ng 1991 na ang mga pamahalaang lokal ay marapat lamang na magbalangkas ng mga polisiya at programang magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**IPINASIYA GAYA NG DITO AY GINAGAWANG PAGPAPASIYA,** na magalang na hinihiling sa Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (Department of Interior and Local Government-DILG) sa pangunguna ni Kgg. Eduardo Año, Kalihim, at sa Regional Inter-Agency Task Force (R-IATF) sa pamamagitan ni Kgg. Julie J. Daquioag, Phd., CESO III, Chairperson, na mapahintulutang makapamasada ang mga tricycle at pedicab sa Lungsod ng Malolos sa panahong ang lungsod ay nasa ilalim ng Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ) at sa panahon ng deklarasyon ng General Community Quarantine (GCQ).

IPINASIYA PA RIN, na magalang na hulihiling sa Tanggapan ng Punong Lungsod na makapagbalangkas ng polisiya o' alituntunin ukol dito upang maipatupad sa sandaling mapahintulutan ang nasabing kahilingan.

IPINASIYA PANG MULI, na mabigyang sipi ang Sangguniang Panlungsod ng polisiya para sa nasabing pagpapatupad at pag-aaral.

PINAGTIBAY.

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. ENRICO C. CAPULE**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

***KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*05262020